

Advisory No. 195, s. 2017

Agosto 18, 2017

Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013 ang *advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001, ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.
(Visit www.deped.gov.ph)

SALINAN: PANDAIGDIGANG KUMPERENSIYA SA PAGSASALIN
NG FILIPINAS INSTITUTE OF TRANSLATION INC.

Ang *Filipinas Institute of Translation Inc. (FIT)* at ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), sa pakikipagtulungan ng *National Commission for Culture and the Arts (NCCA)* at *Ateneo de Manila University (AdMU)* ay magtataguyod ng proyektong *Salinan: Pandaigdigang Kumperensiya sa Pagsasalin* na may temang *Pagsasalin at Araling Pampagsasalin sa Kontekstong Lokal at Global* na gaganapin mula ika-28 hanggang ika-30 ng Setyembre 2017 sa Leong Hall Auditorium, AdMU, Katipunan Avenue, Loyola Heights, Lungsod Quezon.

Ang layunin ng Kumperensiya ay ang mga sumusunod:

1. maitanghal ang lawak ng saklaw ng pagsasalin bilang isang disiplinang akademiko at propesyonal na larang na may mahalagang papel sa pandaigdigang ugnayan at globalisasyon;
2. maitampok ang mga espesipikong kalakaran at pinakamaiinam na praktika ng pagsasalin mula sa iba't ibang kontekstong pangkultura at panlipunan sa iba't ibang panig ng mundo;
3. maiagpang sa mga karanasang pandaigdig ukol sa pagsasalin ang mga partikular na lokal na sitwasyon sa praktika ng pagsasalin; at
4. makapaglatag ng mga panukalang hangarin at hakbang para sa higit na internasyonal na kolaborasyon sa pagsusulong ng mga proyekto sa pagpapalitang-teksto ng mga bansa sa mundo.

Sa pandaigdigang kumperensiyang ito, magsasama-sama ang mga lokal at internasyonal na dalubhasa sa teorya at praktika ng pagsasalin upang pag-usapan ang mahahalagang paksa sa pagsasalin sa kontekstong lokal at global.

Ang mga guro mula sa iba't-ibang pampubliko at pamribadong paaralan sa elementarya at sekundarya ay inaanyayahang dumalo sa gawaing ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pamribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan kay:

Bb. Eilene Narvaez
Filipinas Institute of Translation Inc. (FIT)
AB5-402 Hardin ng Rosas, Purok Aguinaldo
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod ng Quezon
Telepono: (02) 547-1860
Mobile: 0925-710-2481
Email: fitsalinan2017@gmail.com
filipinas.translation@gmail.com
Website: www.fit.org.ph
Facebook: www.facebook.com/Filipinas-Institute-of-Translation